

AGEPP1-Nepal Case 1- NRC-NFE

Pangkalahatang Kabuuan

Edukasyon para sa Likas-kayang Pag-unlad- Mga Inisyatiba ng mga Pamayanan sa Pamamahala ng Basura

Ang National Resource Center for Non-Formal Education (NRC-NFE) ng Nepal ay nakalaan upang isulong ang pagbibigay kaalaman at ang impormal ng pag-aaral. Mulat sa kahalagahan na isama ang mga paksang pangkapaligiran sa mga pagtuturo at iba pang programa ng NRC-NFE-Nepal, nakikipagtulungan din ito sa Asia Pacific Cultural Center para sa UNESCO (ACCU) ng Japan, upang itaas ang antas ng kamalayang pangkapaligiran at pagtataguyod sa mga pagbabagong pagtanggap sa mga isyung pangkapaligiran, sa pamamagitan ng paggamit sa mga materyales ng ACCU PLANET. Ang PLANET ay kumakatawan sa Package Learning Materials on the Environment. Una sa serye ng materyales na ito ang PLANET-1, ukol sa polusyon sa tubig, kasunod ang PLANET-2 ukol naman sa pangangalaga sa mga kagubatan, at PLANET-3 na nakatuon naman sa wastong pamamahala ng basura, mga isyung napakahalaga ngayon sa mundo.

Ginagamit at pinapamahagi na ng NRC-NFE ang PLANET-1 hinggil sa polusyon sa tubig. Ang PLANET-2 naman na tungkol sa pangangalaga ng mga kagubatan ay ginagamit na ng Tribhuwan Univesity Research Center for Educational Innovation and Development (CERID) at ang paggamit at pamamahagi nito ay ginawa rin ng NRC-NFE.

Gumawa rin ang NRC-NFE ng mga sumusunod na materyales sa wikang Nepali ukol sa PLANET-3 wastong pamamahala ng basura:

1. “Wastong Pamamahala ng Basura: Kayang Gawin Ito ng Ating Pamayanan” (poster)
2. “Mula sa Nayon ni Mina: ‘Oo! Isagawa ang Wastong Pamamahala ng Basura!’” (video)
3. “Wastong Pamamahala ng Basura para sa Mas Mainam na Pamumuhay” (buklet)
4. “Gabay sa mga Tagapagpadaloy” (aklat)

Ipinamahagi at ginamit ang mga materyales na ito sa iba’t ibang klase para sa pagtuturo, mga paaralan at mga pamayanan upang ayusin ang mga kalagayang pangkapaligiran sa pamamagitan ng edukasyon para sa pag-aangat ng antas ng kamalayan, at pagbabago ng mga ugali at gawi ng mga tao sa ilalim ng proyektong “Pamamahagi at Paggamit ng mga Materyales ng PLANET-3” na ipinatupad ng NRC-NFE mula Hulyo 2005 hanggang Enero 2006.

Sinaklaw ng proyekto ang mga pook na pinagdadausan ng Community Learning Centers (CLCs) ng mga klase ng pagtuturo at iba pang mga gawain sa pagpapaunlad ng pamayanan. Sumailalim dito ang may anim na pook sa mga distrito ng Rupandehi at Kapilvastu na pawang nasa kanayunan; sa mga CLC ng Khokana at Siddhipur sa distritong Lalitpur na mala-lunsod at Kumbhewor sa munisipalidad ng Lalitpur, pook ng kalunsuran. Ang mga kalagayang sosyo-ekonomiko at pang-edukasyon sa mga pook na ito ay

may pagkakaiba-iba. Sa mga pook sa kanayunan, mas marami ang mga walang pinag-aralan at mas naghihikahos kaysa sa mga pook ng kalunsuran.

Naging epektibong tagapamahagi ng materyales ang CLCs, mga paaralan at iba pang mga grupo tulad ng sa kababaihan, na makapagbubunga ng mahuhusay na resulta. Ilan sa mga punto ang sumusunod:

- Ang paglawak ng kahusayan at kaalamang hinggil sa mga isyu ng pamamahala ng basura na mahalagang usapin sa pang-araw-araw na pamumuhay. Napaka-epektibong istratehiya ito para maipaloob ang ESD (Education for Sustainable Development) sa mga programang pag-aaral at iba pang programa ng NFE.
- Naging mulat ang mga bumubuo ng mga pamayanan ukol sa waste management o wastong pamamahala ng basura, nagkamit sila ng kaalaman at kasanayan, at dinala nila ito sa araw-araw na pagsasagawa, gaya ng paggawa ng compost, paghihiwa-hiwalay ng mga basura, paggawa ng handicrafts mula sa basurang plastik, at iba pa.
- Gumawa ng hukay ang mga tao sa komunidad para sa pagko-compost, na ang ibinunga'y mas maraming naaning mga gulay mula sa mga gulayan na ikinasiya ng mga kasapi ng mga grupo.
- Napalinis ng mga taga-pamayanan ang kanilang pook, at naprotektahan sa polusyon mula sa basura.
- Ang mga CLC na itinayo ng mga tao sa komunidad para sa kanilang kapakinabangan ay naging napakaepektibong mekanismo sa pagdadala ng kaalaman at NFE kasabay ng ESD sa mga pamayanan.

Ang dumi ng mga alagang hayop ng halos bawa't pamilya sa mga kanayunan ay syang malaking mapagkukunan at pagmumulan ng biogas.

Malaking tulong ang naidagdag para sa pagtuturo sa mga klase ng mga materyales mula sa PLANET upang higit na makakuha ng interes sa mga pamayanan para sa wastong pamamahala ng basura at makasali sila upang ang anumang basura ay maging pera o yaman. Maganda ang naging resulta ng edukasyon ukol sa basura na humantong sa pagkakaroon ng kita mula sa basura -- isang magandang gawain upang maitaguyod ang pagpapalawig ng likas-kayang pag-unlad para maiayos ang kalagayang pangkabuhayan at pangkapaligiran ng pamayanan.